

County of Santa Clara

Registrar of Voters

1555 Berger Drive, Bldg. 2
San Jose, CA 95112
Mailing Address: P.O. Box 611360, San Jose, CA 95161-360
(408) 299-VOTE (8683) (866) 430-VOTE (8683) FAX: (408) 998-7314
www.sccvote.org



April 18, 2024

Dear Voter:

This letter is to inform you that an error was made in the Impartial Analysis for Measure A for the May 7, 2024 Special Election for the Los Gatos-Saratoga Union High School District.

The Impartial Analysis incorrectly stated that District voters authorized a special tax of \$49 per parcel in November 2016. The correct date is May 2016. A corrected version of the Impartial Analysis is enclosed.

If you have any questions, please call (408) 299-VOTE (8683) or Toll Free (866) 430-VOTE (8683).

Santa Clara County Registrar of Voters

Abril 18, 2024

Minamahal na Botante:

Ipinadala ang liham na ito upang ipaalam sa iyo na nagkaroon ng pagkakamali sa Walang-Pinapanigang Pagsusuri sa Panukala A para sa Mayo 7, 2024 na Espesyal na Halalan sa Distrito ng Unyon ng Mataas na Paaralan ng Los Gatos-Saratoga.

Mali ang nakasaad sa Walang-Pinapanigang Pagsusuri na inawtorisahan ng mga botante ng Distrito ang espesyal na buwis na \$49 bawat parsela noong Nobyembre 2016. Ang tamang petsa ay Mayo 2016. Kalakip nito ang isang naiwastong bersyon ng Walang-Pinapanigang Pagsusuri.

Kung mayroon kang anumang mga tanong, mangyaring tumawag sa (408) 299-VOTE (8683) o sa Walang Bayad sa (866) 430-VOTE (8683).

Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara

**DISTRITO NG UNYON NG MATAAS NA PAARALAN NG
LOS GATOS-SARATOGA
PANUKALA A**

Upang mahikayat at mapanatili ang mga gurong may mataas na kwalipikasyon, mapanatiling matatag ang pangunahing mga programang pang-akademiko at mga de-kalidad na kurso sa agham, teknolohiya, inhinyeriya, at matematika, suportahan ang mataas na nakakamit ng estudyante at ihanda ang mga estudyante para sa mga nangungunang kolehiyo at mga karera, kailangan bang pagtibayin ang panukala ng Distrito ng Unyon ng Mataas na Paaralan ng Los Gatos-Saratoga, na panibaguhin ang mapapasong buwis sa parsela para sa edukasyon na nasa kasalukuyang \$49, dagdag pa ang \$79/parsela, na magbibigay ng \$2,520,000 bawat taon sa loob ng siyam na taon, nang may taunang pagsasaayos, pagbabantay ng mamamayan, pagkalibre sa nakatatanda, walang mga pondo para sa mga tagapangasiwa, at bawat dolyar na mapapakinabangan ng mga mataas na paaralan?

Oo
Hindi

**WALANG-PINAPANIGANG PAGSUSURI NG ABUGADONG
TAGAPAYO NG COUNTY SA PANUKALA A**

Ang distrito ng paaralan ay maaaring magpataw ng espesyal na buwis pagkatapos maaprubahan sa pamamagitan ng dalawang-katlo ng mga botong binigay para sa minumungkahi alinsunod sa seksyon 4 ng artikulo XIII A ng Saligang-batas ng California at mga seksyong 50075 at kasunod ng Kodigo ng Pamahalaan ng California. Ang Lupon ng mga Katiwala (Lupon) ng Distrito ng Unyon ng Mataas na Paaralan ng Los Gatos-Saratoga (Distrito) ay naglagay sa balota ng isang panukala upang pagtibayin ang \$128 bawat taon na buwis sa parsela ng paaralan na magsisimula sa Hulyo 1, 2024, at magpapatuloy sa loob ng siyam (9) na taon simula sa petsang iyon, na magtatapos sa Hunyo 30, 2033. Sinasaad ng panukala na ang halaga ng buwis sa parsela ay dapat madagdagan sa pamamagitan ng porsiyentong halaga na katumbas sa taunang pagbabago sa porsiyento sa Bay Area Consumer Price Index—All Urban Consumers, sa mga lugar ng San Francisco-Oakland-Hayward sa Hulyo 1, 2025, at sa bawat Hulyo 1 pagkatapos nito, upang maibilang para sa mga pagtaas sa halaga ng bilinghin. Kapag naaprubahan, papalitan ng minumungkahing buwis ang kasalukuyang espesyal na buwis na \$49 bawat parsela na inawtorisahan ng mga botante ng Distrito noong Mayo 2016 bilang Panukala A, na nakatakang magtapos sa Hunyo 30, 2025.

Iniaatas ng batas ng Estado sa Distrito na ilahad ang mga ispesipikong layunin para sa paggamit sa mga nalikom na buwis at gastahin lang ang mga nalikom na buwis para sa mga layuning ito. Ang mga nabanggit na layunin ng buwis na minumungkahi ng Panukala A na ito ay upang:

- Mahikayat at mapanatili ang mga guro at kawani na may mataas na kwalipikasyon;
- Mapanatiling matatag ang mga pangunahing programang pang-akademiko at mga de-kalidad na kurso sa agham, matematika, teknolohiya, mga robotic, inhinyeriya, at AP;
- Maglaan ng mga programa sa paghahanda sa kolehiyo at karera;
- Suportahan ang mataas na nakakamit ng estudyante; at
- Tiyaking mapagkompetensiya sa mga karatig na distrito ang mga sahod ng guro.

**WALANG-PINAPANIGANG PAGSUSURI NG ABUGADONG
TAGAPAYO NG COUNTY SA PANUKALA A-Ipinagpatuloy**

Walang gagamiting pondo para sa mga suweldo o benepisyo ng mga tagapangasiwa. Ang batas ng Estado ay nag-aatas sa Distrito na maglaan ng mga karagdang hakbang sa pananagutan para sa mga kita kasama ang (1) pagdedeposito ng mga kita sa isang pondo na hiwalay sa ibang mga pondo ng Distrito, at (2) paglalaan ng nakasulat na taunang ulat sa Lupon na nagdedetalye ng halaga ng mga pondong nakolekta at nagamit at ng kalagayan ng anumang proyekto na inawtorisahang popondohan mula sa buwis. Isang independiyenteng komite ng mga nagbabantay na mamamayan ang hihirangin o itatalaga ng Lupon upang maglaan ng pagbabantay na may kinalaman sa paggastos ng mga nalikom na iminumungkahing kita sa buwis.

Pagkatapos aprubahan ng Distrito, isang eksemplasyon ang ibibigay sa mga parsela na pangunahing mga tirahan na inuokupahan ng may-ari ng isa o higit pang indibiduwal na (1) 65 taong gulang o higit pa sa o bago ang Hunyo 30 nang naunang taon ng pananalapi, (2) tumatanggap ng Suplementong Kitang Panseguridad para sa isang kapansanan, anuman ang edad, o (3) tumatanggap ng mga benepisyo ng Seguro sa Kapansanan ng Seguridad Sosyal, anuman ang edad, kung saan ang taunang kita ay hindi lumalampas sa 250 porsiyento ng 2012 na pederal na gabay sa kahirapan na inilabas ng Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Estados Unidos. Ang mga may-ari ng ari-arian na kasalukuyang may pagkalibre sa anumang kwalipikadong espesyal na buwis na kasalukuyang ipinataw ng Distrito ay patuloy na may pagkalibre na hindi nangangailangan ng muling pag-aplay, ayon sa karapatan ng Distrito na beripikahin ang nagpapatuloy na kwalipikasyon.

Ang isang botong "oo" ay isang boto upang pagtibayin ang buwis na \$128 kada parsela, na taunang madadagdagan, sa mga parsela na sakop ng Distrito sa loob ng siyam na taon.

Ang isang botong "hindi" ay isang boto upang hindi pagtibayin ang buwis.

Tony LoPresti
Abugadong Tagapayo ng County

Ni: Nick DeFiesta
Kinatawag Abugadong Tagapayo ng County